Mensahe Walo

# Ang Intrinsikong Kahulugan ni Gideon bilang Magiting na Mandirigma ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Huk. 6—9

**I. Si Gideon ay ibinangon ng Diyos bilang Kanyang magiting na mandirigma at isinugo ng Diyos upang iligtas ang Israel (Huk. 6:12-14; cf. Juan 8:29) mula sa pang-aapi ng mga Midianita (Huk. 6:1—8:32); dapat nating makita ang intrinsikong kahulugan ng tagumpay ni Gideon:**

A. Si Gideon ay nakinig nang mabuti sa salita ng Diyos, isang bagay na bihira sa gitna ng mga anak ni Israel sa panahong iyon:

1. Ninanais palagi ng Panginoon na buksan ang ating mga tainga upang pakinggan ang Kanyang tinig nang sa gayo'y makita natin ang mga bagay ayon sa Kanyang ekonomiya—Apoc. 1:10, 12; Job 33:14-16; Isa. 50:4-5; Exo. 21:6.
2. Habang nagsasalita ang Espiritu sa mga ekklesia (Apoc. 2:7a), kailangan nating lahat ng isang nabuksan, natuli, (Jer. 6:10; Gawa 7:51), nalinisan (Exo. 29:20; Lev. 8:23-24; 14:14), at napahirang tainga (bb. 17, 28) upang marinig ang pagsasalita ng Espiritu.

B. Sinunod ni Gideon ang salita ng Diyos at kumilos ayon dito—cf. Heb. 11:32-33a:

1. Sa Bagong Tipan ay taglay natin ang buhay ng pagsunod at pagpapasakop ni Kristo, at kung tayo ay lalakad ayon sa espiritu, kusang-kusa nating tutuparin ang matuwid na kahilingan ng kautusan—Fil. 2:5-11; Roma 8:4.
2. Kung ang ating saloobin sa paglapit sa kautusan ay ang pahalagahan lamang ang mga utos sa titik, matataglay natin ang kautusan sa aspekto ng pumapatay na titik; gayunpaman, kung kukunin natin ang bawat bahagi ng kautusan bilang salita na inihinga palabas ng Diyos na ating iniibig, matataglay natin ang kautusan sa aspekto ng Espiritung nagbibigay-buhay; sa gayon ang kautusan ay magpapangsyon upang ipamahagi ang Diyos Mismo bilang buhay tungo sa loob natin bilang Kanyang mapagmahal na mga naghahanap—Awit 119:25, 116, 130; 2 Cor. 3:6; 2 Tim. 3:16-17.
3. Ang maging buháy ay ang maging masigla at aktibo sa pamamagitan ng pagiging napuspusan ng Espiritu sa panloob at sa panlabas at sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo at pagtuturo ng mga katotohanan sa anumang oras at saanmang lugar sa pamamagitan ng pagiging masigasig sa Salita para sa paglaki at pagpapalaganap ng Panginoon—Dan. 11:32b; Gawa 13:52; 4:8, 31; 13:9; 2:38; 5:32b; 2 Tim. 4:1-2.

C. Giniba ni Gideon ang altar ni Baal (ang punong lalaking diyos ng mga Cananeo) at pinutol ang Ashera (ang punong babaeng diyosa); nahipo nito ang puso ng Diyos sapagkat kinamumuhian ng Diyos ang mga diyos-diyosan, na itinuring Niya bilang mga lalaki na mga kaapid ng Kanyang asawang babae na si Israel; sa pang-intrinsiko, ang isang diyus-diyosan ay anumang bagay sa loob natin na iniibig natin nang higit sa Panginoon at na humahalili sa Panginoon sa ating buhay—Huk. 6:25-28; Ezek. 14:1-3.

D. Sa pamamagitan ng paggiba ng altar ni Baal at pagputol ng Ashera na pagmamay-ari ng kanyang ama, isinakripisyo ni Gideon ang kanyang relasyon sa kanyang ama at ang kanyang pagtatamasa sa lipunan upang sundin si Jehovah; ang gawin ni Gideon ang

gayong bagay ay nangangailangan na isakripisyo niya ang kanyang mga pansariling interes, at ang kanyang sakripisyo ay isang matibay na salik sa kanyang tagumpay—Huk. 6:28-32.

E. Bilang resulta ng apat na salik sa itaas, si Gideon ay nakatanggap ng gantimpala—ang pang-ekonomiyang Espiritu ay dumating sa kanya (b. 34); dahil dito, siya ay naging makapangyarihan at sa pamamagitan lamang ng tatlondaang lalaki ay dinaig ang dalawang prinsipe at dalawang hari, na mayroong mga tauhan na "parang mga balang sa dami" at "mga kamelyo… na hindi mabilang" (b. 5; 7:25; 8:10-12); kay Gideon ay mayroon tayong isang larawan ng isang taong namuhay sa kaisahan sa Diyos, isang Diyos-tao, upang isakatuparan ang salita ng Diyos at isagawa ang ekonomiya ng Diyos.

**II. Ang pagpili sa mga mandaraig ay makikita sa pagpili ng Diyos kay Gideon at sa tatlondaang lalaki na makikipagbakang kasama niya upang gapiin ang mga Midianita—6:1-6, 11-35; 7:1-8, 19-25; 8:1-4:**

A. Ipinapakita sa atin ng salaysay ni Gideon kung paano maging isang mandaraig:

1. Dapat nating makilala ang sarili, natatanto ang ating mga sarili bilang pinakamababa—6:15; Efe. 3:8; Mat. 20:27-28; Gal. 6:3.
2. Dapat nating makita ang makalangit na pangitain tungkol kay Kristo bilang ang sentralidad at unibersalidad ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Huk. 6:12; Gawa 26:16-22; Col. 1:17b, 18b; 1 Tim. 1:3-4; Fil. 3:8, 10.
3. Dapat nating ihandog ang ating mga sarili sa Diyos bilang isang haing buháy ayon sa Kanyang mabuti, kalugod-lugod, at sakdal na kalooban upang mataglay ang realidad at pamumuhay ng Katawan ni Kristo (Roma 12:1-5; cf. Huk. 6:21-24); dapat tayong maging mga yaon na nakikinig at tumutugon sa pagtawag ng Panginoon sa Apocalipsis 2 at 3 para sa mga mandaraig—2:7, 11, 17, 26-28; 3:5, 12, 20-21; *Mga Himno,* #894.
4. Dapat nating gibain ang mga diyos-diyosan sa ating puso, sa ating buhay, at sa ating gawain para sa patotoo ng Panginoon, natatanto na sa isang panig ay dinadala tayo ng Diyos tungo sa pagtatamasa kay Kristo bilang buhay, liwanag, at kapangyarihan, at sa kabilang panig, ang Diyos ay tapat na pahintulutan tayo na magkaroon ng mga pinansyal na kagipitan, mga emosyonal na pagdurusa, mga pisikal na pagdurusa, at pagkawala ng natural na kabutihan upang kunin natin si Kristo bilang ating kasiyahan, mapunuan ni Kristo, at pahintulutan Siyang magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay—Huk. 6:25-28; Juan 10:10; 8:12; 2 Tim. 2:1; Col. 1:17b, 18b; 1 Juan 5:21; Job 22:24-26; Mat. 10:35-39; 2 Cor. 12:7-9; Job 1:1, 22; 2:9-10; 3:1, 11; 2 Cor. 4:5; 1 Cor. 2:2.

B. Kung paano pinipili ang mga mandaraig ay makikita sa pagpili sa tatlondaan; sa pamamagitan ng pagsasabi kay Gideon na mayroon siyang napakaraming tao, ipinahihiwatig ng Diyos na Siya ay makikipaglaban para sa Israel; ang unang pagpili ay nagresulta sa paglisan ng dalawampu't dalawang libo:

1. Ang mga lumisan ay nagnanais na maluwalhati ang kanilang mga sarili—Huk. 7:1-2; Juan 5:41, 44.

2. Ang mga lumisan ay matatakutin at nangangamba—Huk. 7:3; Matt. 25:25; cf. Deut. 20:5-8.

C. Ang ikalawang pagpili ay natukoy sa kung paano uminom ang mga tao; yaong mga tuwirang uminom sa pamamagitan ng kanilang bibig ay tinanggal ng Diyos; yaong mga uminom sa pamamagitan ng paglalagay ng tubig sa kanilang kamay tungo sa kanilang bibig ay pinili ng Diyos sapagkat sila ay mga taong tumatanggi sa sarili; sa pamamagitan ng ganitong paraan ng pag-inom, maaari silang magmatyag nang masigasig sa anumang pagsalakay ng kaaway—Huk. 7:4-6:

1. Yaong mga may pagkakataon na magpakalayaw sa kanilang mga sarili subalit hindi ito ginawa ay mga taong tumatanggi sa sarili na tinuos na ng krus, isinasakripisyo ang kanilang pansariling kapahingahan at aliw alang-alang sa layunin ng Diyos sa araw ng Kanyang pakikipagbaka—b. 7; Awit 110:3.
2. Ang mga mandaraig ay lubusang para sa kaluwalhatian ng Diyos at hindi natatakot sa anumang bagay maliban sa pagkakasala sa Panginoon at maiwala ang Kanyang presensya (Exo. 33:14-16); pinahihintulutan nila ang krus na tuusin ang sarili (1 Juan 3:8; Heb. 2:14; Roma 6:23; Gal. 2:20).

D. Binigyan ng Diyos si Gideon ng tatlondaang lalaki at ginawa silang iisang katawan, isinagisag ng isang "munting tinapay ng sebada" na gumulong sa kampo ng mga Midianita para sa kanilang pagkatalo at sa tagumpay ng Diyos—Huk. 7:9-25:

1. Si Gideon at ang kanyang mga tauhan ay gumawi at kumilos nang sama-sama sa iisang puso't kaisipan bilang iisang tao, sumasagisag sa kaisahan ng Espiritu at ang pamumuhay sa loob ng Katawan; sila ay sama-samang naihalo sa pagkabuhay na muli, isinagisag ng sebada, ang unang nahihinog na butil (Huk. 6:16; 2 Sam. 21:9; Lev. 23:10; 1 Cor. 15:20), upang maging iisang tinapay, na sumasagisag sa ekklesia (10:17).
2. Ang kaisipan ni Pablo sa ekklesia bilang iisang tinapay ay hinango mula sa handog na butil sa Lumang Tipan (Lev. 2:4-5); tayo ang maraming butil (Juan 12:24) upang tayo ay madurog bilang pinong harina na naihalo sa langis para sa paggawa ng keyk, ang tinapay, ang ekklesia (1 Cor. 12:24-25).
3. Dapat pastulin ng lahat ng mga kamanggagawa at mga matanda ang isa't isa at ibigin ang isa't isa upang maging isang huwaran ng buhay-Katawan, isang huwaran ng mga yaon na natututong mailapat, maihalo, at maiwala ang sarili nang sa gayon ay magawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng Espiritu upang ipamahagi si Kristo tungo sa isa't isa para sa praktikal na buhay-Katawan—Roma 12:1-5; cf. 2 Cron. 1:10.

E. Si Gideon at ang kanyang tatlondaang tauhan ay nakipagdigma at nagpagal, subalit ang buong kapulungan ang humabol sa kaaway at naggapas ng ani, sumasagisag na kapag tayo ay nanaig, ang buong Katawan ay napananauli hanggang si Jehovah bilang kapayapaan, si Jehovah-shalom (Huk. 6:24), ay maghari sa lupa—7:22-25; 8:1-4; Col. 1:24; Awit 128:5; Isa. 32:17; 66:12.

F. Habang hinahabol ni Gideon at ng kanyang mga tauhan ang mga hari ng Midian, sila ay "nanghihina ngunit nagpapatuloy pa" (Huk. 8:4b); dahil nakatanggap tayo ng habag ng Diyos upang magministeryo at mamuhay sa realidad ng walang hanggang ekonomiya ng

Diyos, tayo ay hindi pinanghihinaan ng loob (2 Cor. 4:1, 16-18); maaari tayong magpagal hanggang sa mapatà, subalit ang ating pagpapagal ay ayon sa paggawa ng Diyos, na gumagawa nang may kapangyarihan sa loob natin (Col. 1:28-29; 1 Cor. 15:58).

**III. Dapat nating makita ang intrinsikong kahulugan ng lihim sa pagkabigo ni Gideon:**

A. Una, si Gideon ay walang kagandahang-loob; pinatay niya yaong mga kababayan na hindi sumuporta sa kanya (Huk. 8:16-17), nilalabag ang ikaanim na utos ng Diyos (Exo. 20:13); si Kristo bilang ang kagandahang-loob ng Diyos ang umaakay sa atin sa pagsisisi (Roma 2:4; Tito 3:4; Efe. 2:7).

B. Ikalawa, nagpakasasa siya sa pita ng laman (cf. Gal. 5:16; Roma 8:4), hindi nag-eensayo ng anumang pagtitimpi sa kanyang makalamang pita; ipinahiwatig ito ng Hukom 8:30, na nagsasabi sa atin na si Gideon ay may pitumpung anak, "sapagkat marami siyang asawa"; higit pa rito, ang kanyang kalunya na nasa Shekem ay nagsilang din sa kanya ng isang lalaki (b. 31); sa gayon ay nilabag ni Gideon ang ikapitong utos (Exo. 20:14).

C. Ikatlo, bagaman gumawa si Gideon ng isang mabuting bagay sa pagtanggi na pamunuan ang bayan (Huk. 8:22-23), pinag-imbutan niya ang samsam ng kanyang bayan (ang kanilang mga gintong hikaw), sa gayon ay nilabag ang ikasampung utos, at kanilang isinuko ito sa kanya; gumawa si Gideon ng isang efod gamit ang ginto na kanyang kinuha mula sa bayan, at ang efod na ito ay naging isang diyos-diyosan sa mga anak ni Israel (bb. 24-27; Exo. 32:1-4 at talababa 1 sa b. 2); bilang resulta, ang sambahayan ni Gideon at ang buong lipunan ng Israel ay napasamâ.

D. Ang Mga Hukom ay isang aklat hinggil sa pagtatamasa sa mabuting lupain, na isang sagisag ni Kristo; ang tagumpay ni Gideon ay nagpapahiwatig ng pagtatamo ng isang napakainam na pagkakataon upang tamasahin si Kristo, subalit ang kanyang pagkabigo ay nagpapahiwatig ng pagkawala ng pagkakataon na tamasahin si Kristo.

**IV. Ang pagpapasasa ni Gideon sa sekswal na aktibidad at sa kanyang kasakiman sa ginto ay humantong sa pagsamba sa diyos-diyosan; ang kasakiman ay pagsamba sa diyos-diyosan (Col. 3:5), at kapwa ang pakikiapid at kasakiman ay may kaugnayan sa pagsamba sa diyos-diyosan (Efe. 5:5); ang kanyang pagkabigo ay nagpapakita sa atin na kinakailangan nating mag-ensayo ng matinding pagtitimpi sa pagtuos sa mga bagay ng sekswal na aktibidad at kayamanan:**

A. Maging si Haring Solomon, na sa kaharian ng Israel ay niluwalhati ng karangyaan ng kahariang iyon sa pinakamataas nitong rurok (1 Hari 4:34; 8:10-11) at nagsimula bilang isang taong may takot sa Diyos at umiibig sa Diyos, sa kalaunan ay naging isang mananamba sa diyos-diyosan dahil sa kanyang maraming banyagang asawa (11:1-13; tingnan ang talababa 1 sa b. 43).

B. Matapos mamatay ni Gideon, ang pagpapababa ng Israel ay napasimulan sa kanilang pagtalikod kay Jehovah na kanilang Diyos at sa kanilang pagsamba sa mga diyos-diyosan ng mga Cananeo, na nagbunga sa kanilang pagpapasasa sa kanilang makalamang pita; gayundin, pinatay ng anak na lalaki ng kalunya ni Gideon, si Abimelec, ang pitumpu pang anak ni Gideon, samantalang si Jotam, na isa pang anak, ay nakatakas—Huk. 8:33—9:57.

C. Matapang na ipinahayag ni Jotam ang isang talinghaga ng paghahari ni Abimelec bilang isang paghahari ng dawag laban sa yaong gaya ng mga puno ng olibo, igos, at ubas, na tinanggihan ang ambisyon at maging isang daluyan ng tustos sa bayan ng Diyos (bb. 8-13); ginantihan ng Diyos ang kasamaan ni Abimelec (bb. 14-55), na kanyang ginawa sa kanyang ama sa pagpatay sa kanyang pitumpung kapatid; at ipinataw ng Diyos ang lahat ng kasamaan ng mga lalaki sa Shekem pabalik sa kanilang mga ulo, at ang sumpa ni Jotam na anak ni Jerubaal (Gideon—6:32) ay dumating sa kanila (9:56-57).

D. Sa katagumpayan ni Gideon ay inihugpong niya ang kanyang sarili sa Diyos, subalit sa kanyang pagkabigo ay inihugpong niya ang kanyang sarili kay Satanas; ang talikdan ang Diyos at makiugpong kay Satanas ay ang pumasok sa intrinsikong ambisyon na nasa loob ng masamang isa na ito—Isa. 14:13-14.

E. Wala tayong karapatan na hiwalayan ang Panginoon at walang dahilan upang talikdan Siya; dapat nating kunin Siya, ibigin Siya, parangalan Siya, igalang Siya, itangi Siya, itaas Siya, at kumapit sa Kanya, tinatanggihan si Satanas sa sukdulan; sa gayon tayo ay pagpapalain; pinagpala ang bawat isa—bansa, lipunan, grupo, at indibidwal—na ang Panginoon, Ulo, Hari, at Asawang Lalaki ay si Jehovah—Awit 33:12.

*© 2021 Living Stream Ministry*